DEPED QUEZON
ICT UNIT
UPLOADED
Date/Time: MAY 30 2025
By: 6BW 3:45
Ref. No.

Republic of the Philippines
**Department of Education**
**Region IV-A**
SCHOOLS DIVISION OF QUEZON PROVINCE

**DIVISION ADVISORY NO. 162, s. 2025**
May 29, 2025

In compliance with DepEd Order (DO) No. 8, s. 2013,
this advisory is issued not for endorsement as per DO 28, s. 2001,
but only for the information of DepEd officials,
personnel/staff, and the concerned public.
(Visit www.deped.gov.ph.)

## DANGAL NG WIKANG FILIPINO 2025

Ang Dangal ng Wikang Filipino ay isang mataas na pagkilala sa mga indibidwal, samahan, tanggapan, institusyon o ahensiyang pampamahalaan o pribadong sektor na may natatanging ambag o nagawa tungo sa pagsusulong, pagpapalaganap, pagpapayabong, at preserbasyon sa mga indibdwal – lalaki man o babae- Samahan tanggapan o institusyon, at mga ahensiyang pampamahalaan o pribadong sektor na may natatanging ambag o nagawa sa pagsusulong, pagpapalaganap, pagpapayabong, at presrbasyon ng wikang Filipino sa iba't ibang larang at /o disipina.

Inaanyahang magsumite ng nominasyon sa **Dangal ng Wikang Filipino!**

Para sa kabatiran ng mga kinauukulan.

Tunghayan ang iba pang detalye sa kalakip na kalatas.

*cid-ims/jej/rqn/05/29/2025*



**Address:** Sitio Fori, Brgy. Talipan, Pagbilao, Quezon
**Trunkline #:** (042) 784-0366, (042) 784-0164, (042) 784-0391, (042) 784-0321
DepEdTayoQuezon www.depedquezon.com.ph quezon@deped.gov.ph

# DANGAL NG WIKANG FILIPINO 2025

Ang **Dangal ng Wikang Filipino** ay mataas na pagkilála sa mga indibidwal, samahán, tanggápan, institusyon, o ahensiyang pampamahalaán o pribadong sektor na may natatanging ambag o nagawa túngo sa pagsusulong, pagpapalaganap, pagpapayabong, at preserbasyon ng wikang Filipino. Bukás ang nominasyon sa mga indibidwal—laláki man o babae—samahán, tanggápan o institusyon, at mga ahensiyang pampamahalaán o pribadong sektor na may natatanging ambag o nagawa túngo sa pagsusulong, pagpapapagalaganap, pagpapayabong, at preserbasyon ng wikang Filipino sa iba't ibang larang at/o disiplina.



Quezon
RECORDS SECTION, PAGBILAO
RECEIVED
20 MAY 2025
BY:

**Magsumite ng nominasyon sa Dangal ng Wikang Filipino 2025!**

Mga Tuntunin:

1. Ang Dangal ng Wikang Filipino ay mataas na pagkilála sa mga indibidwal, samahán, tanggápan, institusyon, o ahensiyang pampamahalaán o pribadong sektor na may natatanging ambag o nagawa túngo sa pagsusulong, pagpapalaganap, pagpapayabong, at preserbasyon ng wikang Filipino.

2. Bukás ang nominasyon sa mga indibidwal—laláki man o babae—samahán, tanggápan o institusyon, at mga ahensiyang pampamahalaán o pribadong sektor na may natatanging ambag o nagawa túngo sa pagsusulong, pagpapalaganap, pagpapayabong, at preserbasyon ng wikang Filipino sa iba't ibang larang at/o disiplina.

3. Pára sa mga indibidwal, kinakailangang may gulang na hindi bababâ sa apatnapung (40) taón. Pára sa mga samahán, tanggápan, ahensiyang pampamahalaán, at/o pribadong sektor, kinakailangang naitatag nang hindi bababâ sa limáng (5) taón.

4. Mayroong katipunan ng mga akda o gawaing nakapag-ambag sa wikang Filipino sa iba't ibang larang at disiplina. (Kinakailangang ilakip sa nominasyon bílang pruweba).

5. Ang mga nominado ay marapat na manggaling sa rekomendasyon ng indibidwal o pangkat mulâ sa labas ng KWF.

6. Pára sa nominasyon, kinakailangang maghanda ng limang (5) kopya at maingat na pagsunurin ang mga dokumento sa ganitong paraan:

- KWF Pormularyo ng Nominasyon (**https://shorturl.at/YSM6S**) Tiyaking naka-login sa inyong google account.
- Liham nominasyon na nagsasaad ng buod ng kalipikasyon ng nominadong indibidwal o samahán at nilagdaan ng nagnomina;
- Curriculum vitae (kung indibidwal) o profayl ng organisasyon (kung samahán); at
- Mga pruweba sa katipunan ng mga akda o gawaing nakapag-ambag sa wikang Filipino at/o alinmang katutubong wika sa bansa.

7. Ilagay sa isa o higit pang expandable envelop ang mga tinukoy sa bilang 6. Maaaring dalhin o ipadala sa adres na nása ibaba:

**Lupon sa Dangal ng Wikang Filipino 2025**

Komisyon sa Wikang Filipino
2/P Gusaling Watson, 1610 Kalye J.P. Laurel
San Miguel, Lungsod Maynila

8. Ang hulíng araw ng pagpapása at pagtanggap ng nominasyon ay sa **20 HUNYO 2025, 5:00 nh.**

9. Ang tatanghaling Dangal ng Wikang Filipino 2024 ay tatanggap ng naturang gawad sa Araw ng Parangal sa tutukuying petsa at venue sa Agosto 2024.

10. Pára sa ibá pang detalye, mangyaring tumawag o mag-text sa 0928-844-1349, o magpadalá ng email sa timpalak.gawad@kwf.gov.ph.